

# PAMPUBLIKONG SERBISYO NG DISTRITO NG GEORGETOWN DIVIDE

## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

### Sanggunian:

Panukalang-Batas ng Senado Blg. 998: Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig

California Government Code Sections 60370 -60375.5

### ARTIKULO I. LAYUNIN

Inilista ng patakarang ito ang mga administratibong aksyon ng Pampublikong Serbisyo ng Tubig ng Distrito ng Georgetown Divide (Georgetown Divide Public Utility Water District) para sa koleksyon ng mga pinabayaang account, kabilang ang mga abiso, pagtatalaga ng bayad at pagputol sa serbisyo. Magiging available sa publiko ang patakarang ito sa website ng Distrito. Maaaring makipag-ugnayan sa Distrito sa pamamagitan ng teleponong (530) 333-4356 para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol sa serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

### ARTIKULO II PATAKARAN

Ang Pampublikong Serbisyo ng Distrito ng Georgetown Divide, bilang isang ahensya ng estado, na binuo bilang espesyal na distrito alinsunod sa pangkalahatang batas para sa lokal na pagsasagawa ng mga panggobyerno o pamribado tungkulin sa loob ng mga limitadong hangganan, ay pinamamahalaan sa pagsasagawa ng koleksyon ng delinkuwenteng account ng mga Seksyong 60370 – 60375.5 ng California Government Code. At, bilang isang urban o pangkomunidad na sistema ng patubig na nagsu-supply ng tubig sa mahigit sa 200 koneksyon ng serbisyo, higit pang pinamamahalaan ang Distrito ng Panukalang-Batas ng Senado Blg. 998, na magkakabisa bilang batas sa Pebrero 1, 2020.

- Aplikasyon ng Patakaran.** Dapat na gamitin itong Patakaran at mga Pamamaraan ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig (ang “Patakarang” ito) sa lahat ng account ng Pampublikong Serbisyo ng Distrito ng Georgetown Divide (“Distrito”) para sa pambahayang serbisyo ng tubig, ngunit hindi dapat gamitin sa alinmang account na hindi pambahayang serbisyo. Hangga’t sumasalungat ang Patakarang ito sa anumang itinatadhana ng Ordinansa, Panukala o iba pang panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Distrito ng Pampublikong Serbisyo ng Distrito ng Georgetown Divide, mananaig ang Patakarang ito.
- Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan.** Para sa mga tanong o tulong sa iyong bayarin sa tubig, matatawagan ang tauhan sa pagsingil sa serbisyo ng Distrito sa (530) 333-4356. Maaari ding personal na bisitahin ng mga customer ang Distrito Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 4:30 p.m., maliban sa mga araw na pista-opisyal ng Distrito. Dapat ding makita ang Patakarang ito sa internet website ng Distrito sa sumusunod na address: GD-PUD.ORG
- Mga Pamamaraan ng Pagsingil.** Mababayaran sa Distrito ang mga bayarin sa serbisyo ng tubig nang isang beses kada dalawang buwan. Nakatakda at dapat bayaran ang lahat ng bayarin para sa serbisyo ng tubig sa oras na matanggap ang mga ito at ituturing na napabayaan kung hindi mabayaran makalipas ang: 1) huling araw ng panahon ng serbisyo ng singil; or 2) isang buwan pagkatapos ng petsa na naibigay ng Distrito ang

## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

bayarin.

4. **Pagputol sa Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung pinabayaan ang isang bayarin nang hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa address ng serbisyo.

4.1 Nakasulat na Abiso sa Customer. Magpapadala ang Distrito ng ipinakoreong abiso sa nakatalang customer nang hindi bababa sa (10) araw ng negosyo bago ihinto ang serbisyo ng tubig. Dapat maglaman ang abisong ito ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halagang hindi nabayaran;
- (c) petsa kung kailan dapat isagawa ang pagbabayad o mga kasunduan ng pagbabayad upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo;
- (d) isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang customer ng alternatibong kasunduan ng pagbabayad, na maaaring kabilang ang pagbibigay ng palugit, amortisasyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad;
- (e) paglalarawan ng pamamaraan upang humiling ng pagsusuri sa bayarin at pag-apela;
- (f) numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng kasunduan ng pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.

4.2 Nakasulat na Abiso para sa mga Naninirahan o Nangungupahan. Kung nagkaloob ng tubig ang Distrito sa pamamagitan ng isang master meter, nagbibigay nang paisa-isang nakametrong serbisyo sa isang bungalow, maramihang yunit na gusaling pambahayan, parke ng mobile home, o kampo ng pagtatrabaho sa bukid, o kung ang address sa koreo ng nakatalang customer ay hindi katulad ng address ng serbisyo, magpapadala rin ng abiso ang Distrito sa mga naninirahan sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig. Ipadadala ang abiso sa "Naninirahan," maglalaman ng impormasyong hinihingi ng Seksyon 4.1 sa itaas at ipapaalam rin sa mga naninirahan sa pambahayan na mayroon silang karapatang maging mga customer ng Distrito nang hindi kinakailangang magbayad ng halagang dapat bayaran sa account na delinkuwento. Nasa Seksyon 8 sa ibaba ang mga tuntunin at kondisyon para sa mga naninirahan upang maging mga customer ng Distrito.

4.3 Pagpapaskil ng Abiso sa Address ng Serbisyo. Kung matanggap ng Distrito ang nakasulat na abisong ibinalik sa koreo bilang hindi natanggap at hindi nakaugnayan ang customer o isang adultong naninirahan gamit ang telepono, gagawa and Distrito ng isang nagtitiwalang pagsisikap na bisitahin ang tahanan at mag-iwan ng abiso ng nalalapit na pagputol ng pambahayang serbisyo sa isang hayag na lugar sa address ng serbisyo. Iiwanan ang abiso sa tahanan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol ng serbisyo. Dapat maglamang ang abiso ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halagang hindi nabayaran;
- (c) petsa kung kailan dapat isagawa ang pagbabayad o mga kasunduan ng pagbabayad upang maiwasan ang pagkaputol ng serbisyo;
- (d) pamamaraan upang humiling ng pagsusuri sa bayarin at pag-apela;
- (e) pamamaraan upang makakuha ng impormasyon ang customer tungkol sa tulong-pinansyal, kung maaari; at
- (f) numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng kasunduan ng pagbabayad o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.

4.4 Mga Pangyayari Kung Saan Hindi Mapuputol Ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Distrito ang pambahayang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

- (a) Sa panahon ng isang pagsisiyasat ng Distrito sa isang pagtutol ng customer o reklamo sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahon ng pagkabinbin ng isang apela sa Lupon ng mga Direktor sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa panahon kung saan sasailalim ang pagbabayad ng customer sa palugit, amortisasyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad na inaprubahan ng Distrito, sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at nananatiling sumusunod ang customer sa aprubadong kasunduan ng pagbabayad.

4.5 Mga Espesyal na Pangyayaring Medikal at Pinansyal na Kung Saan

## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

ang mga Serbisyo Ay Hindi Mapuputol.

- (a) Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig kung nakamit ang lahat ng sumusunod na kondisyon:
  - (i) Isinumite ng customer, o isang nangungupahan sa customer, sa Distrito ang sertipikasyon ng isang lisensyadong provider ng pangunahing pangangalaga na magiging mapanganib sa buhay ang pagputol sa serbisyo ng tubig , o magdudulot ng seryosong panganib sa kalusugan at seguridad ng isang residente ng mga lugar kung saan ipinagkakaloob ang serbisyonang pambahayan;
  - (ii) Ipinapakita ng customer na wala siyang kakayahan sa pananalapi na magbayad para sa pambahayang serbisyo sa loob ng normal na siklo ng bill ng Distrito. Itinuturing na walang kakayahang magbayad ang customer sa normal na siklo ng pagbabayad kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) idineklara ng customer sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng antas ng karalitaan na itinakda ng pederal; at
  - (iii) Handa ang customer na pumasok sa isang alternatibong kasunduan ng pagbabayad, kasama ang isang palugit, amortisasyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kaugnay ng mga hindi bayad na bayarin.
- (b) Para sa sinumang customer na nakatutugon sa lahat ng kondisyong nasa itaas, dapat mag-alok ang Distrito sa customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Distrito sa pagpapasya nito: (1) isang pagpapalawig ng panahon ng pagbabayad; o (2) isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad o amortisasyon ng hindi pa bayad na

## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

balanse. Pipili ang District Manager o ang kanyang itinalaga ng pinakaangkop na kasunduan ng pagbabayad, isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng customer, pati na rin ang mga pangangailangan ng Distrito na mabayaran.

(c) Responsable ang customer sa pagpapakita na natugunan ang mga kondisyon sa subsection (a). Kapag natanggap na ang dokumentasyon mula sa customer, na dapat maibigay sa Distrito sa loob ng hindi bababa sa 48 oras bago ang petsa ng pagputol, susuriin ng Distrito ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang customer ng alternatibong kasunduan ng pagbabayad na pinili ng Distrito at hihilingin ang pirmadong pahintulot ng customer na sumali sa alternatibong kasunduang iyon; (2) hihiling ng karagdagang impormasyon mula sa customer; o (3) aabisuhan ang customer na hindi niya natugunan ang mga kondisyon sa subsection (a). Nakasalalay sa Distrito ang karapatan na palawigin ang panahon ng pagsusumite ng dokumentasyon ng customer sa pagpapasya nito.

(d) Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig kung hindi nagampanan ng isang customer na nabigyan ng alternatibong kasunduan ng pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ang alinman sa sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa:

(a) na bayaran ang kaniyang mga hindi pa bayad na bayarin sa pinalawig na petsa ng pagbabayad;

(b) na magbayad ng anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad o kasunduan sa amortisasyon; o

(c) na bayaran ang kaniyang mga kasalukuyang bayarin para sa serbisyo ng tubig.

Magpapaskil ang Distrito ng huling abiso ng planong putulin ang serbisyo sa isang tanyag at hayag na lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Hindi bibigyan ng huling abiso ang customer ng karapatan sa anumang pagsisiyasat o pagsusuri ng Distrito.

## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

4.6 Oras ng Pagputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa isang Sabado, Linggo, legal na pista-opisyal, o sa anumang oras na hindi bukas sa publiko ang opisina ng Distrito.

4.7 Pagpapanumbalik ng Serbisyo. Bibigyan ng Distrito ang mga customer na pinutulan ng serbisyo ng tubig ng impormasyon kung paano ibabalik ang pambahayang serbisyo. Dapat magpahiwatig ang naturang impormasyon na maaaring kontakin ng customer ang Distrito sa pamamagitan ng telepono o nang personal tungkol sa pagbabalik serbisyo. Sasailalim ang pagpapanumbalik ng serbisyo sa pagbabayad ng: (a) anumang halagang lampas na sa petsang dapat mabayaran, kasama ang naaangkop na interes o mga multa; (b) anumang kabayaran sa muling pagpapakonekta, sasailalim sa mga limitasyon ng Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at isang depositong panseguridad, kung hinihingi ng Distrito.

### 5. **Mga Pamamaraan sa Paghahabol o Pag-apela sa isang Bayarin.**

5.1 Panahon upang Maghain ng Reklamo o Humiling ng isang Pagsisiyasat. Maaaring maghain ng reklamo ang isang customer o humiling ng pagsisiyasat tungkol sa halaga ng bayarin sa loob ng labinlimang (15) araw mula sa pagtanggap ng bill. Para sa mga layunin lamang nitong Seksyon 5.1, dapat na ituring na natanggap ng isang customer ang isang bayarinin limang (5) araw matapos ang pagpapakoreo.

5.2 Pagsusuri ng Distrito. Susuriin ng isang manager ng Distrito ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa pagsisiyasat na siyang magbibigay ng isang nakasulat na pagpapasya sa customer. Isinasama ng pagsusuring ito ang pagsasaalang-alang ng kung maaaring makatanggap ang customer ng palugit, amortisasyon, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6.

5.3 Apela sa Lupon ng mga Direktor. Ang sinumang customer na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa isang pagsisiyasat alinsunod dito sa Seksyon 5 ay nagresulta sa isang masamang pagpapasya ng Distrito ay maaaring mag-apela sa pagpapasya sa Lupon ng mga Direktor sa pamamagitan ng pagsumite ng isang nakasulat na abiso ng apela sa General Manager sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo pagkatapos na maipadala ng Distrito ang pagpapasya nito. Sa pagtanggap ng abiso ng apela, itatakda ng General Manager ang usapin upang dinggin sa darating na pulong ng Lupon ng mga Direktor at papadalhan ng nakasulat na abiso ang customer tungkol sa oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpupulong. Ang desisyon ng Lupon ng mga Direktor ay pinal.

### 6. Mga Palugit at Iba Pang Alternatibong Kasunduan ng Pagbabayad.

6.1 Panahon upang Humingi ng Palugit o Iba Pang Alternatibong Kasunduan ng Pagbabayad. Kung hindi magawang magbayad ng customer ng bayarin sa karaniwang panahon ng pagbabayad, maaaring humingi ng palugit ang customer o iba pang alternatibong kasunduan ng pagbabayad na inilalarawan nitong Seksyon 6. Kung magsumite ang customer ng kaniyang hiling sa loob ng labindalawang (12) araw matapos ang pagpapakoreo ng nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo ng Distrito, susuriin ang kahilingan ng isang manager ng Distrito. Ang mga desisyon ng Distrito sa palugit at iba pang alternatibong kasunduan ng pagbabayad ay pinal at hindi sasailalim sa pag-apela sa Lupon ng mga Direktor.

6.2 Palugit. Kung inaprubahan ng Distrito, maaaring pansamantalang palawigin ang pagbabayad ng customer sa kaniyang hindi bayad na balanse sa panahong hindi lalampas sa anim (6) na buwan pagkatapos ng orihinal na dapat bayaran ang balanse. Tutukuyin ng District Manager o ng kanyang itinalaga, sa kanyang pagpapasya, kung gaano katagal ang palugit na ibibigay sa customer. Dapat bayaran ng customer ang buong hindi bayad na balanse sa petsang itinakda ng Distrito at dapat manatiling bayad ang lahat ng bayarin sa serbisyo ng tubig na naipon sa panahon ng alinmang kasunod na panahon ng pagsingil. Itatakda sa pagsulat ang pinalawig na petsa ng pagbabayad at ibibigay sa customer.

6.3 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad o Amortisasyon. Kung aprubado ng Distrito, maaaring magbayad ang customer ng kaniyang hindi bayad na balanse alinsunod sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad o amortisasyon na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan, ayon sa tinukoy ng District Manager o ng kanyang itinalaga, sa kaniyang pagpapasya. Kung aprubado, magbibigay-daan ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa pana-panahong mga pagbabayad nang buuan na hindi sasabay sa itinakdang petsa ng pagbabayad ng Distrito o maaaring maglaan ng mga pagbabayad na ginawa nang mas malimit o mas madalang sa petsa ng regular na pagbabayad sa Distrito. Kung aprubado ang amortisasyon, hahatiin ang hindi bayad na balanse sa bilang ng mga buwan sa panahon ng amortisasyon, at idaragdag ang naturang halaga sa buwanang bayarin ng customer para sa serbisyo ng tubig hanggang ganap na mabayaran. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad o amortisasyon, dapat manatiling bayad ang customer sa lahat ng bayarin sa serbisyo ng tubig na naipon sa panahon ng alinmang kasunod na panahon ng pagsingil. Itatakda sa pagsulat ang alternatibong pagbabayad o iskedyul ng amortisasyon at mga halagang dapat bayaran at ibibigay sa customer.

6.4 Kabiguang Sumunod. Kung ang orihinal na pagbabayad ay delinkuwente nang hindi bababa sa animnapung (60) araw at ang customer na nabigyan ng alternatibong kasunduan ng pagbabayad ay nabigo alinman sa:

## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

(a) pagbabayad ng kaniyang mga hindi pa bayad na bayarin sa pinalawig na petsa ng pagbabayad; o

(b) pagbabayad ng anumang halagang dapat bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad o iskedyul ng amortisasyon, maaaring tapusin ng Distrito ang serbisyo ng tubig. Magpapaskil ang Distrito ng huling abiso ng planong putulin ang serbisyo sa isang tanyag at hayag na lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Hindi bibigyan ng huling abiso ang customer ng karapatan sa anumang pagsisiyasat o pagsusuri ng Distrito.

6.5 Mga Pagpapababa ng Bayad o Waiver. Maaaring mag-apply ang mga customer na may Mababang Kita para sa Programa ng Distrito na Tulong sa may Mababang Antas ng Kita na nagbibigay ng diskuwentong 25% ng batayang halaga.

### 7. Mga Partikular na Programa para sa mga Customer na Mababa ang Kita.

7.1 Mga Limit sa Bayad sa Muling Pagkonekta at Waiver ng Interes. Para sa mga customer na pambahayan na nagpapakita sa Distrito ng kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng karalitaan ng pederal, ang Distrito ay:

(a) Lilimitahan sa limampung dolyar (\$50) ang anumang bayad sa muling pagkonekta sa panahon ng normal na oras ng operasyon, at isang daan at limampung dolyar (\$150) sa mga oras na walang operasyon. Gagamitin lamang ang mga limit kung ang mga bayad sa muling pagkonekta na itinakda ng Distrito ay talagang lumampas sa mga halagang ito. Ang mga limit na ito ay sasailalim sa isang taunang pag-adjust para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) ng Bureau of Labor Statistics simula sa Enero 1, 2021.

(b) Iuurong ang mga singil sa interes sa mga bayaring napabayaang minsan bawat 12 buwan. Ilalapat ng Distrito ang waiver sa alinmang singil sa interes na hindi nabayaran sa oras ng paghiling ng customer.

7.2 Mga Kuwalipikasyon. Ituturing ng Distrito na ang isang customer na pambahayan ay may kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng karalitaan na itinakda ng pederal kung: (a) sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and



## Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli

---

Children, o (b) idineklara ng customer sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng antas ng karalitaan na itinakda ng pederal.

### 8. **Mga Pamamaraan para sa mga Naninirahan o Nangungupahan para maging Mga Customer ng Distrito.**

8.1 Kakayahang Magamit. Magagamit lamang itong Seksyon 8 kapag ang may-ari ng ari-arian, may-ari ng lupa, tagapamahala, o operator ng address ng pambahayang serbisyo ay nakalista bilang nakatalang customer at nabigyan ng abiso ng hangarin na ihinto ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Pagsang-ayon sa mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng Distrito. Gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga aktwal na naninirahan kung ang bawat naninirahan ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga kinakailangan ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito. Sa kabila nito, kung ang isa o higit pa sa mga naninirahan ay handa at kayang akuin ang responsibilidad para sa kasunod na mga singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong isang pisikal na paraan, ligal na available sa Distrito, na selektibong itigil ang serbisyo sa mga naninirahan na hindi nakamit ang mga kinakailangan ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito, ang Distrito ay gagawing available ang serbisyo sa mga naninirahan na nakamit ang mga kahilingan.

8.3 Pagpapatunay ng Pag-upa. Para maging karapat-dapat na maging isang customer nang hindi binabayaran ang halagang dapat bayaran ng delinkuwenteng account, dapat suriin ng naninirahan na ang delinkuwenteng account ng nakatalang customer o ang may-ari ng lupa, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring isama ang pagpapatunay, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa pag-upa o pag-upa, mga resibo sa pag-upa, isang dokumento ng gobyerno na nagpapahiwatig na ang naninirahan ay nagrerenta sa ari-arian, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code, sa pagpapasya ng Distrito.

8.4 Mga Paraan ng Pagtatatag ng Kredito. Kung ang naunang serbisyo para sa isang panahon ay isang kondisyon sa pagtatatag ng kredito sa Distrito, ang tirahan at katibayan ng agarang pagbabayad ng upa para sa nasabing panahon ay isang kasiya-siyang katumbas.

### 9. **Mga Pamamaraan para sa mga Tumalbog na Tseke.**

9.1 Abiso sa Pagtanggap ng Tumalbog na Tseke. Kapag nakatanggap ng

tumalbog na tseke bilang kabayaran sa serbisyo ng tubig o iba pang singil, ituturing ng Distrito na hindi bayad ang account. Gagawa ang Distrito ng makatarungan at nagtitiwalang pagsisikap na ipaalam sa customer sa pamamagitan ng telepono o email ang tungkol sa tumalbog na tseke. Gagawin ang 48-araw na abiso sa pagtatapos ng serbisyo dahil sa tumalbog na tseke. Ibabatay ang paraan ng pagpapadala ng abiso sa gustong paraan ng pag-aabiso (text, telepono, o email) na pinili ng customer. Aabisuhan sa telepono ang mga customer na hindi pumili ng paraan ng pag-aabiso. Kung hindi magawang makipag-ugnayan ng Distrito sa pamamagitan ng text, telepono, o email, gagawin ang isang nagtitiwalang pagsisikap para bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng abiso ng pagtatapos ng serbisyo.

Mapuputol ang serbisyo ng tubig kung hindi nabayaran ang halaga ng tumalbog na tseke at bayarin sa tumalbog na tseke o bago ang petsa na tinukoy sa abiso ng pagtatapos ng serbisyo. Dapat na nasa cash, credit card o mga sertipikadong pondo ang lahat ng halagang ibinayad para makuha ang tumalbog na tseke at para mabayaran ang tumalbog na tseke.

### 9.2 Mga Tumalbog na Tseke para sa Dating Naputol na Serbisyo.

Sa kaganapan na mag-alok ang customer ng tseke na hindi maipapalit sa cash bilang kabayaran upang maibalik ang serbisyo ng tubig na nauna nang pinutol dahil sa hindi pagbabayad at ibinalik ng Distrito ang serbisyo, maaaring agarang putulin ng Distrito ang serbisyo nang walang karagdagang abiso. Walang ibibigay na abiso ng pagtatapos ng serbisyo sa loob ng 48 oras sa kaso ng pag-aalok ng tseke na hindi maipapalit sa cash bilang bayad sa mga singil sa tubig na sumailalim sa pagputol ng serbisyo.

Sinumang customer na nag-isyu ng tseke na hindi maipapalit sa cash bilang bayad upang maibalik ang serbisyo na pinutol dahil sa hindi pagbabayad ay aatasan na magbayad nang cash, credit card o mga sertipikadong pondo upang maibalik ang mga naputol na serbisyo sa hinaharap sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng tumalbog na kabayaran.

10. **Wika para sa Ilang Nakasulat na Abiso.** Lahat ng nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksyon 4 ay ibibigay sa wikang Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang iba pang wika na sinasalita ng sampung porsiyento (10%) o mas marami pang tao sa loob ng lugar na pinagserbisuhan ng Distrito.

11. **Iba pang Remedyo.** Bilang karagdagan sa pagtatapos ng serbisyo ng tubig, maaaring sikapin ng Distrito ang anumang iba pang remedyong magagawa ayon sa batas o karapatan dahil sa hindi pagbayad ng mga singil sa serbisyo ng tubig, kabilang, ngunit hindi limitado sa: pagkuha ng mga hindi nabayaranang halaga sa pamamagitan ng pagsasampa ng prenda sa tunay na ari-arian, pagsasampa ng isang paghahabol o asunto, o pagsangguni sa hindi bayad na halaga sa koleksyon. Sa kaganapan na ipasya ang isang

## **Pagputol ng Pambahayang Serbisyo ng Tubig/Singil sa Pagbabayad nang Huli**

---

asunto na pabor sa Distrito, magkakaroon ng karapatan ang Distrito sa kabayaran para sa lahat ng halaga at gastos, kasama ang mga bayad sa abogado at naipong interes.

12. **Pagputol ng Serbisyo ng Tubig para sa Iba Pang Paglabag ng Customer.** Nakasalalay sa Distrito ang karapatan na putulin ang serbisyo ng tubig para anumang paglabag sa mga ordinansa, patakaran, o regulasyon ng Distrito maliban sa hindi pagbabayad.